Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
SANGAY NG HILAGANG SAMAR
Catarman

02 Agosto 2022

Memoradum Pansangay
Blg. 219 s. 2022

PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2022

Para kay : Mga Tagamasid Pampurok/Tagapamahalang Pampurok
Mga Punong-guro/Ulong-guro, Paaralang Elementarya, Sekundarya
Mga Guro at iba pang Mga Kinauukulan

1. Alinsunod sa Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997 na nagtatakda sa taunang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa tuwing buwan ng Agosto, ang Sangay ng Hilagang Samar ay nakikiisa sa Komisyon sa Wikang Filipino sa pagdiriwang na ito. Ang tema ng pagdiriwang sa taong ito ay ***Filipino at Mga Katutubong Wika: Kasangkapan sa Pagtuklas at Paglikha***.

2. Hinihimok ang lahat ng mga paaralan/tanggapan na magsagawa ng anumang hakbang o gawain na sasalamin sa pagdiriwang na ito at bilang pagpapahalaga sa Wika at kulturang Pilipino tulad ng mga sumusunod:
   a. maikling palatuntunan sa pagsisimula ng klase;
   b. pagsusuot ng Kasuutang Pilipino tuwing araw ng Lunes;
   c. paggamit ng wikang Filipino sa anumang transaksiyon sa loob ng bawat tanggapan, at iba pa.

3. Sa taong ito ay bibigyan ng pagpapahalaga ang mga talakay hinggil sa paggamit ng Wikang Filipino at katutubong wika sa pagtuklas at paglikha sa iba't ibang larangan.

4. Inaasahan na ang Pampurok na Tagapag-ugnay sa Filipino ay magsusubmite ng *Mode of Verifications (MoVs)* ng pagdiriwang sa tanggapan ng *CID* ng Sangay.

5. Hinihiling ang pagtupad at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

LANNIE CERVANTES, CESO VI
Pansangay na Tagapamanihala

Kalakip : Wala
Sinusugan: Gaya nang nasasaad

Ito'y itatala sa *Perpetual Index* sa ilalim ng sumusunod na mga *area*:
-Curriculum -Filipino -Pagdiriwang